

MGA TAGUBILIN AT PARUSA SAR 7 ULAT NG KATAYUAN SA PAGIGING KWALIPIKADO

Para sa Tulong na Pera at CalFresh

Kailangan ng Tulong? Tawagan ang County.

- Kung hindi ka magpapadala ng kumpletong ulat kasama ang, ngunit hindi limitado sa, pagsagot ng lahat ng tanong sa SAR 7 at paglalakip ng patunay kapag hiningi namin, maaantala, mababago, o mahihinto ang iyong mga benepisyo. **Maglakip ng hiwalay na piraso ng papel kung kailangan.**
- Maaaring magresulta ang impormasyong iulat mo sa pagtaas, pagbaba, o paghinto ng iyong mga benepisyo.
- Ipadala ang iyong kumpletong ulat bago ang ika-5 ng buwan pagkatapos ng buwan ng ulat. Huli na ito kung ipapadala pagkatapos ng ika-11.

Mga Halimbawa

Kita	<ul style="list-style-type: none"> • Mga Sahod • Bayad sa bakasyon • Mga Pangbahay na Serbisyo ng Suporta (In-Home Supportive Services o IHSS) • Sustento sa anak/asawa • Insurance o mga legal na kasunduan • Kita sa pagpapaupa at tulong sa pangungupahan • Anumang mga benepisyo mula sa pamahalaan • State Disability Indemnity 	<ul style="list-style-type: none"> • Self-Employment • Mga Tip • Interes o mga dividend • Mga benepisyo ng mga nagwewelga • Mga pag-refund ng buwis • Kawalan ng trabaho • Social Security • Supplemental Security Income/State Supplementary Payment (SSI/SSP) 	<ul style="list-style-type: none"> • Sweldo • Mga kitang hindi pera, gaya ng kita sa bahay, libreng pabahay/utility/pananamit/pagkain • Mga napanalunan sa sugal/Lotto • Pera, mga regalo, loan, scholarship • Iba pang pribadong bayad o bayad ng pamahalaan sa kapansanan o pagreretiro • Danyos ng Worker • Pagreretiro ng Mga Beterano o sa Railroad
Ari-arian	<ul style="list-style-type: none"> • Mga sasakyang de motor • Balanse sa tulong na pera ng EBT • Bahay 	<ul style="list-style-type: none"> • Checking • Mga Savings Bond • Lupa 	<ul style="list-style-type: none"> • Savings • Mga patakaran ng life insurance • Mga Trust
Mga Gastusin sa Pabahay	<ul style="list-style-type: none"> • Upa • Mga Utility 	<ul style="list-style-type: none"> • Mortgage • Insurance sa mga may-ari ng bahay 	<ul style="list-style-type: none"> • Mga buwis sa ari-arian • Mga bayarin sa pagkolekta ng basura/sukal
Mga Gastusin	<ul style="list-style-type: none"> • Mga gastusing medikal • Mga premium ng insurance sa kalusugan • Pangangalaga sa bata/dependent 	<ul style="list-style-type: none"> • Tuition sa kolehiyo at mga supply • Mga kinakailangang bayarin sa paaralan • Sustento sa anak/asawa 	<ul style="list-style-type: none"> • Transportasyon • Kwarto at Tirahan • Mga gastusin sa pabahay

Ang kabuuang kita (gross income) ay nangangahulugang ang halagang nakukuha mo bago alisin ang mga kabawasan. (Ang mga halimbawa ng mga kabawasan ay: Mga buwis, Social Security o iba pang kontribusyon sa pagreretiro, mga premium ng plano sa pangangalaga sa kalusugan, mga garnishment, atbp.).

Mga Parusa

MGA PARUSA SA PANLOLOKO SA TULONG NA PERA: Kung sadya mong hindi susundin ang mga panuntunan ng Tulong na Pera, maaaring babaan ang iyong Tulong na Pera sa sandaling panahon at maaari kang magmula ng hanggang \$10,000 at/o makulong nang hanggang 3 taon.

Maaaring ihinto ang iyong Tulong na Pera:

- Dahil sa hindi pag-uulat ng lahat ng impormasyon o sa pagbibigay ng maling impormasyon: 6 na buwan para sa unang paglabag, 12 taon sa ikalawang paglabag, o habambuhay sa ikatlo.
- Dahil sa pagsusumite ng isa o higit pang aplikasyon upang makakuha ng tulong sa mahigit sa isang kaso sa iisang yugto ng panahon: 2 taon para sa unang pagpapatunay ng sala, 4 na taon sa ikalawa, o habambuhay sa ikatlo.
- Para sa pagpapatunay ng sala sa kaso ng panloloko upang makakuha ng tulong: 2 taon para sa pagnanakaw ng halagang \$2,000 pababa; 5 taon para sa halagang \$2,000 hanggang \$4,999.99; at habambuhay para sa halagang \$5,000 pataas.
- Habambuhay: dahil sa pagbibigay sa county ng maling patunay ng paninirahan upang makakuha ng tulong sa dalawa o higit pang county o estado nang sabay; pagbibigay sa county ng maling impormasyon para sa isang hindi kwalipikadong bata o isang bata na hindi umiiral; pagkuha ng mahigit \$10,000 sa mga benepisyong pera sa pamamagitan ng panloloko; pagkakaroon ng ikatlong paglabag para sa panloloko sa isang korte ng batas o isang administratibong pagdinig.

MGA PARUSA SA PANLOLOKO SA CALFRESH: Kung sadya mong hindi susundin ang mga panuntunan ng CalFresh, maaaring ihinto ang iyong mga benepisyo sa CalFresh sa loob ng 12 buwan para sa unang paglabag, 24 na buwan para sa ikalawa, at habambuhay sa ikatlo. At maaari kang magmula ng hanggang \$250,000 at/o makulong nang hanggang 20 taon.

Kung ikaw ay mapatunayang may sala saan mang korte ng batas o administratibong pagdinig dahil:

- Ipinalit o ibinenta mo ang mga benepisyo ng CalFresh para sa mga armas, amunisyon, o pampasabog, maaaring ihinto nang tuluyan ang iyong CalFresh para sa unang paglabag.
- Ipinalit o ibinenta mo ang mga benepisyo ng CalFresh para sa mga ipinagbabawal na substance, maaaring ihinto sa loob ng 24 na buwan ang iyong mga benepisyo sa CalFresh para sa unang paglabag at habambuhay para sa ikalawa.
- Ipinalit o ibinenta mo ang mga benepisyo ng CalFresh na may halagang \$500 o higit pa, maaaring ihinto nang tuluyan ang iyong CalFresh.
- Binigyan mo ng maling pagkakakilanlan ang county o impormasyon sa paninirahan, upang makakuha ka ng mga benepisyo ng CalFresh sa mahigit sa isang kaso nang sabay, maaaring ihinto ang iyong mga benepisyo ng CalFresh sa loob ng 10 taon.